CARMEN CHU
ASSESSOR-RECORDER

SAN FRANCISCO
OFFICE OF THE ASSESSOR-RECORDER

**Aksiyong Kinakailangan:
Kumpletuhin at ibalik ang nakalakip na 1-pahinang pormularyo bago o sa pagsapit ng Enero 18, 2021.**

Enero 4, 2021

Mahal na

Maligayang bati sa pagsisimula ng konstruksyon sa inyong ari-arian! Sa buong San Francisco, ang mga may-ari ng ari-arian katulad ninyo ay nagpapa-ayos ng kanilang mga tahanan, at bawat taon, ang aking opisina ay humihingi sa bawat nagbabayad ng buwis ng impormasyon tungkol sa kanilang mga aktibong proyekto ng konstruksyon.

**Bakit ako tumatanggap ng sulat na ito at pormularyo?**

Hinihingi sa inyo na kumpletuhin ang kalakip na Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyon sa Bahay (Residential Construction Project Information Form) sa dahilang ang aming mga tala ay nagpapahiwatig na mayroon kayong mga kasalukuyang permit sa konstruksyon (open building permit) sa inyong ari-arian. Bilang Tagatasa-Tagapagtala (Assessor-Recorder) ng San Francisco, inaatasan kami ng batas na tasahan ang lahat ng nasa kasalukuyang konstruksyon sa Enero 1[1]. Para sa tamang pagtatasa ng inyong paggawa, kinakailangan namin na magpasa kayo ng impormasyon tungkol sa inyong proyekto.

**Ano ang kailangan kong gawin?**

Kumpletuhin ang nakalakip na Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyon sa Bahay sa kabuuan nito. Kailangan pa rin ninyong kumpletuhin ang pormularyo kahit na hindi pa nasimulan ang paggawa o kung nagdesisyon kayo na hindi na gawin ang trabaho. **Ang karamihan sa mga may-ari ng bahay sa San Francisco ay kinukumpleto ang pormularyong ito sa takdang panahon. Ibalik ang pormularyo sa aming opisina bago o sa pagsapit ng ika-18 ng Enero gamit ang isa sa sumusunod na mga opsiyon:**

| Opsiyon 1: Scan & Email | Opsiyon 2: Ipadala sa Koreo | Opsiyon 3: Dalhin sa Opisina |
|---|---|---|
| I-scan ang inyong pormularyo at ipadala ito sa email na rp.assessor@sfgov.org. | Ipadala sa pamamagitan ng koreo ang inyong pormularyo sa aming opisina gamit ang nakalakip na sobre (remit envelope). | Dalhin (drop off) ang inyong pormularyo sa aming opisina sa City Hall Room 190 (1st floor). |

## Bakit ko dapat kumpletuhin ang pormularyong ito?

Ang pormularyong ito ay tumutulong sa aming pagtatasa nang tama sa inyong proyekto ng konstruksyon. Kung hindi namin matanggap ang pagtugon mula sa inyo, gagamitin namin ang impormasyon na nasa amin upang gumawa ng pangunang hakbang sa pagpapasiya ng wastong tasa para sa inyong konstruksyon na natapos ng Enero 1. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagpapasiyang iyon, kakailanganin ninyong tumawag sa aming opisina upang humiling ng isang impormal na pagsusuri ng tasa sa halaga ng inyong ari-arian o maghain ng isang pormal na pag-apila sa tasa, na magdudulot sa inyo ng karagdagang oras at abala. **Samakatuwid, mangyari lamang na tumugon bago o sa pagsapit ng huling araw upang matiyak na tama ang aming tasa sa inyong proyekto.** Ang blangko o hindi kumpleto na mga pormularyo ay hindi maituturing na pagtugon.

## Mayroon pang mga tanong?

Mangyari lamang na basahin ang FAQs na nasa likod ng sulat na ito, bumisita sa aming website sa www.sfassessor.org**, tawagan** ang San Francisco 311 sa pamamagitan ng pagdayal sa 3-1-1 (sa loob ng SF lamang) o (415) 701-2311 (sa labas ng SF), o magpadala ng email sa amin sa rp.assessor@sfgov.org.

Sumasainyo,

Carmen Chu

Carmen Chu Assessor-Recorder

**Ang pagsasalin ng pormularyong ito ay matatagpuan sa aming website:**

| | |
|---|---|
| Español | www.sfassessor.org/forms-spanish |
| 中文 | www.sfassessor.org/forms-chinese |
| Filipino (Tagalog) | www.sfassessor.org/forms-tagalog |

[1] Alituntunin ng Kita at Buwis ng California, Seksiyon 50 at 401.3 (California Revenue and Taxation Code, Sections 50 and 401.3)



REFERENCE ONLY

## Madalas na mga Tanong (FAQs): Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyon ng Bahay

### Pangkalahatang mga Tanong

**Bakit hinihingi sa akin na kumpletuhin ang pormularyong ito?** Ang aming opisina ay inaatasan ng batas na tasahan ang nasa kasalukuyang konstruksyon tuwing Enero 1. Ang aming mga tala ay nagpapahiwatig na mayroon kayong mga kasalukuyang permit sa konstruksyon (open building permit) sa inyong ari-arian na nangangailangan ng tasa.

**Sa ilalim ng anong awtoridad na humiling kayo ng impormasyong ito o magsagawa ng bagong tasa sa aking ari-arian?** Ang Alituntunin ng Kita at Buwis ng California (California Revenue and Taxation Code) ang nagbibigay ng awtorisasyon sa Tagatasa (Assessor) na humiling ng impormasyong ito at tasahan ang kasalukuyang konstruksyon sa Enero 1 (Seksiyon 50, 401.3, at 441(d)).

**Kailan dapat ipasa ang pormularyo?** Dapat ninyong ibalik ang pormularyo sa aming opisina bago o sa pagsapit ng ika-18 ng Enero 2021.

**Kailangan ko bang kumpletuhin ang Pormularyong ito? Ano ang mangyayari kung hindi ko gawin?** Opo, ang lahat ng nagbabayad ng buwis na tumatanggap ng pormularyong ito ay dapat kumpletuhin at ibalik ito sa aming opisina. Kung hindi namin matanggap ang pagtugon mula sa inyo, gagamitin namin ang impormasyon na nasa amin upang gumawa ng pangunang hakbang sa pagpapasiya ng wastong tasa para sa inyong konstruksyon na natapos ng Enero 1. Ang pormularyong ibinalik na blangko o hindi kumpleto ay hindi maituturing na pagtugon.

### Pagkumpleto ng Pormularyo

**Hindi ako sigurado kung paano kumpletuhin ang pormularyo. Paano ako makakakuha ng tulong?** Nag-post kami ng mga halimbawa ng mga nakumpletong pormularyo sa www.sfassessor.org/new-construction. Maaari rin kayong tumawag sa aming opisina sa (415) 554-5596 kung mayroon kayong partikular na mga tanong tungkol sa inyong ari-arian.

**Paano kung hindi pa nagsisimula ang konstruksyon?** Dapat pa rin ninyong kumpletuhin at ibalik ang pormularyo sa aming opisina. Ilagay na ang paggawa ay hindi pa nagsisimula sa pamamagitan ng pagmarka sa opsiyon na iyon sa Seksiyon 1a.
**Paano kung magdesisyon ako na hindi na gawin ang trabaho?** Dapat pa rin ninyong kumpletuhin at ibalik ang pormularyo sa aming opisina. Ilagay na ang trabaho ay hindi na gagawin sa pamamagitan ng pagmarka sa opsiyon sa Seksiyon 1a. Dapat din ninyong hiwalay na ipagbigay-alam sa Department of Building Inspection (DBI) na kanselahin ang (mga) permit, kung saan awtomatikong aalisin ang inyong ari-arian mula sa hinaharap na mga padala sa koreo (mailing) tulad ng isang ito. Para sa higit na impormasyon, bumisita sa website ng DBI sa www.sfdbi.org.

**Paano ko matatantiya ang kabuuang halaga na aking magagastos sa proyekto?** Isama ang lahat ng mga inaasahang gastos, kabilang ngunit hindi limitado sa halaga na inyong babayaran sa inyong kontratista at anumang mga bayad sa mga DBI, arkitekto, surveyor, inhinyero, atbp.

**Paano kung wala akong kontratista at ako mismo ang gumagawa ng trabaho?** Markahan ng “hindi” (“no”) sa Seksiyon 3b.
**Mag-iinspeksiyon ba kayo ng aking ari-arian?** Nagsasagawa kami ng mga field inspection para sa iba’t-ibang mga proyekto ng konstruksyon. Mangyari lamang na ibigay ang inyong kontak na impormasyon sa Seksiyon 3a upang maaari namin kayong kontakin para maitakda ang inspeksiyon kung kinakailangan.

### Mga Buwis at Pagsingil

**Paano ko malalaman kung ano ang inyong naging tasa sa aking proyekto?** Ang halaga na idinagdag para sa kasalukuyang proyekto ng konstruksyon ay ililista bilang isang linyang item sa inyong taunang Paunawa ng Halaga ng Tasa (Notice of Assessed Value), na inyong matatanggap sa Hulyo.

**Magkano pa sa mga buwis sa ari-arian ang aking kakailanganing bayaran batay sa dagdag na halagang iyon?** Ang pagtaas sa mga buwis ay batay sa tasa multiplikahin ng bayad sa buwis. Halimbawa, kung ang inyong bagong konstruksyon ay nagreresulta sa $50,000 na dagdag na tasa, $50,000 x 1.1984% (2020 bayad ng buwis) = $599.20 ang idaragdag sa inyong darating na utang sa buwis ng ari-arian.

**Kailan ako dapat magbabayad ng mga karagdagang buwis? Makakakuha ba ako ng isa pang pagsingil?** Para sa kasalukuyang paggawa sa katapusan ng unang araw ng Enero, ang mga karagdagang buwis ay idaragdag sa inyong regular na utang sa buwis, na dapat babayaran ng dalawang hulog sa ika-10 ng Disyembre at ika-10 ng Abril. Kapag nakumpleto ang konstruksyon, tatanggap kayo ng isang hiwalay na karagdagang utang sa buwis.

**Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa inyong tasa ng aking proyekto ng konstruksyon?** Pagkaraang matanggap ang inyong taunang Paunawa ng Halaga ng Tasa sa Hulyo, maaari kayong humiling ng isang impormal na pagsusuri ng tasa kung hindi kayo sumasang-ayon sa halaga sa pamamagitan ng pagtawag sa Opisina ng Tagatasa-Tagapagtala (Assessor-Recorder’s Office) sa (415) 554-5596. Kung sa tingin ninyo na ang pagsusuri ay hindi nagresulta sa isang kasiya-siyang kongklusyon, ang huling araw upang maghain ng pormal na pag-apila sa tasa sa Lupon ng Paghahabol sa Tasa (Assessment Appeals Board) ay sa ika-15 ng Setyembre. Para sa impormasyon tungkol sa paghahain, mangyari lamang na kontakin ang Lupon ng Paghahabol sa Tasa sa http://sfgov.org/aab/.

**Ang impormasyon bang ito ay gagamitin para sa tasa ng aking proyekto ng konstruksyon kapag nakumpleto na ito?** Samantalang ang impormasyong ibinigay sa pormularyo ay maaaring gamitin, ang Tagatasa ay kinakailangang gumawa ng ganap na pagsusuri sa pagkumpleto ng proyekto upang malaman ang presyong pangkaraniwan na idinagdag. Para sa higit na impormasyon, mangyari lamang na sumangguni sa aming New Construction Fact Sheet, na matatagpuan sa http://sfassessor.org/about-us/fact-sheets.

REFERENCE ONLY

# Pormularyo ng Impormasyon sa Proyekto ng Konstruksyon sa Bahay

**Mga Tagubilin**: Tulungan kaming makuha ang tamang tasa ng inyong proyekto ng konstruksyon sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbabalik ng pormularyong ito sa aming opisina bago o sa pagsapit ng **ika-18 ng Enero 2021**. I-scan at ipadala ito sa email na rp.assessor@sfgov.org, ipadala ito sa koreo gamit ang nakalakip na sobre, o dalhin sa aming opisina sa City Hall Room 190 (1st floor). Mangyari lamang na punan itong pormularyo sa kabuuan nito; ang pormularyong ibinalik na blangko o hindi kumpleto ay hindi maituturing na pagtugon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Ang inyong ari-arian at impormasyon sa permit** | **Pangalan ng May-ari ng Ari-arian:** | | |
| | **Assessor's Parcel Number:** | **Numero ng Permit** (o maramihan): | **Petsa ng Permit:** |

## 1) Ano ang katayuan ng inyong proyekto?

**A) Progreso ng proyekto sa katapusan ng Enero 1**
Ano ang katayuan ng inyong proyekto? Markahan ang isa sa apat na opsiyon sa ibaba:

◯ **Hindi pa nagsimula ang paggawa.** ◯ **Kumpleto na ang paggawa**. Petsa ng Pagkumpleto: _______/_______/___________

◯ **Kasalukuyan ang paggawa**. Bilugan ang % ng pagkumpleto: 10% 25% 50% 75% 90% Iba pa: ________%

◯ **Hindi ko na gagawin ang trabaho.** Para kanselahin ang inyong proyekto, dapat ninyong kanselahin ang inyong permit sa DBI. Tingnan ang FAQs para sa mga detalye.

| **B) Halagang Nagastos sa katapusan ng Enero 1** | **C) Kabuuang Halaga ng Proyekto** | **D) Petsa ng Pagsisimula** | **E) Petsa ng Pagkumpleto** |
|---|---|---|---|
| Magkano na ang inyong nagastos sa proyekto sa katapusan ng Enero 1, 2021? | Magkano sa kabuuan ang inaasahan ninyong magagastos sa proyekto? | Kailan nagsimula ang konstruksyon, o kailan ninyo inaasahan na magsimula? | Kailan ninyo inaasahan na matappos ang proyekto? |

## 2) Sabihin pa sa amin ang tungkol sa inyong proyekto

**A) Uri ng trabaho na ginagawa**. Markahan ang lahat ng angkop.

☐ **Karagdagan.** Nagdagdag ng square footage sa kasalukuyang gusali (hal. pagdagdag ng bagong silid-tulugan sa bahay). **Dagdag na sq. ft** ____

☐ **Bagong gusali.** Pagtatayo ng bagong gusali (hal. pagtatayo ng bagong bahay sa isang bakanteng lote).

☐ **Pagpapalit o legalisasyon.** Pagpapalit ng kasalukuyang espasyo para sa bagong gamit (hal. pagpapalit ng garahe sa espasyong matitirahan).

☐ **Pagremodel.** Pag-aayos ng kasalukuyang espasyo (hal. pagpapaganda ng kusina o banyo).

☐ **Pagmantene o pagkumpuni.** Pagsasaayos ng kasalukuyang mga elemento ng ari-arian (hal. bubong).

☐ **Iba pa.** Ang uri ng konstruksyon ay hindi inilarawan sa mga opsiyon sa itaas.

**B) Mga pangunahing pagbabago sa inyong ari-arian.** Markahan ang lahat ng angkop.

☐ Binabago ko ang pagsasaayos ng loob ng bahay (interior configuration) sa alinmang silid (hal., paglilipat ng dishwasher o kalan).

☐ Naglilipat ako o nagdaragdag ng mga pader, bintana, o pintuan.

**C) Mga katangian ng inyong ari-arian.** Gaano karami ang bawat silid na magkakaroon kayo sa katapusan ng proyekto ng konstruksyon?

Mga Sala: ___ Mga Kusina: ___ Mga Silid-kainan: ___ Mga Banyo: ___ Mga Family Room/Den: ___ Mga Sild-tulugan: ___ Iba pang Silid: ___ Kabuuan: ___

**D) Ilarawan ang inyong proyekto at maglagay ng dayagram.** Marami pang espasyo sa likod ng pormularyong ito.

## 3) Paano namin kayo maaaring makontak?

| | | |
|---|---|---|
| **A) May-ari/ahente kontak na impormasyon** | **Email ng May-ari** | **Telepono ng May-ari** |
| **B) May nagtatrabaho ba sa inyong kontratista?**<br>❑ Oo<br>❑ Hindi | **Kontak/Pangalan ng Kontratista** | **Kumpanya ng Kontratista** |
| | **Email ng Kontratista** | **Telepono ng Kontratista** |

**Ako ay nagpapatunay na ang nauuna ay totoo, wasto, at kumpleto sa abot ng aking kaalaman. Ang Opisina ng Tagatasa-Tagapagtala (Assessor-Recorder's Office) ay maaaring mag-odit ng pahayag na ito para sa pagiging kumpleto at wasto at makikipag-ugnayan sa inyo para sa higit na impormasyon ayon sa kinakailangan.**

Lagda ng May-ari/Ahente Petsa

Internal use only: {ObjectID}

REFERENCE ONLY

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| **{FB_Permit_Info}** | | | | |
| | | | | |